

Tumawag ka sa Kaniyang Pangalan

Roma 10:9 “Na kung ipahahayag mo sa iyong bibig ang Panginoong Jesus, at mananampalataya sa iyong puso na binuhay siya ng Diyos mula sa mga patay, ikaw ay maliligtas.”
Roma 10:13 “Sapaka’t ang sinumang tatawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas.”

Huwag mong tanggihan ang daan sa kaligtasan

Roma 2:4 “O nilalait mo ang kayamanan ng kaniyang kabutihan at pagtitiis at pagbabata; hindi nalalaman na ang kabutihan ng Diyos ay umaakay sa iyo sa pagsisisi?”

Tanggapin mo si Jesus bilang iyong Tagapagligtas ngayon!



P.O. BOX 1115 • YORK, SC 29745 • 803-684-1535
WWW.HOPETRACTS.ORG
The Romans' Map To Heaven (Tagalog) Tract 515

**ANG MAPA PATUNGO SA LANGIT
MULA SA AKLAT NG MGA
TAGA- ROMA**



Ang Aklat ng Roma ay natatangi sapagkat ipinapaliwanag nito ang daan patungo sa langit na mas malinaw kaysa sa ibang mga aklat sa Bibliya.

Sino ang Mabuti?

Roma 3:10-12 “Gaya ng nasusulat, Walang sinumang matuwid, wala, wala ni isa: Walang sinuman na nakauunawa, walang sinuman na naghahanap sa Diyos. Silang lahat ay lumihis sa daan, sila ay sama-samang naging hindi kapakipakinabang; walang sinuman na gumagawa ng mabuti, wala, wala ni isa.”

Sino ang nagkasala?

Roma 3:23 “Sapagka’t ang lahat ay nagkasala; at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos”

Ang walang-hanggang kabayaran ng ating kasalanan

Roma 6:23a “Sapagka’t ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan...”

Roma 1:18a “Sapagka’t ang poot ng Diyos ay inihayag mula sa langit laban sa lahat ng di-pagkamakadiyos at di-pagkamatuwid...”

Wala kang magagawa para iligtas ang iyong sarili

Roma 3:20a “Samakatuwid sa pamamagitan ng mga gawain ng batas ay walang laman na bibigyang-katuwiran sa kaniyang paningin...”

Roma 3:27 “Nasaan ba ang pagmamayabang kung gayon? Ito ay di-kasama. Sa pamamagitan ng anong batas? ng mga gawa? Hindi: kundi sa pamamagitan ng batas ng pananampalataya.”

Ang pag-ibig ng Diyos ang nagbigay ng daan

Roma 5:8-9 “Datapuwa’t ipinakikita ng Diyos ang kaniyang pag-ibig tungo sa atin, sa gayon, samantalang tayo ay mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay para sa atin. Lalong higit kung gayon, na ngayong binigyang-katuwiran sa pamamagitan ng kaniyang dugo, tayo ay maliligtas mula sa pagkapoot sa pamamagitan niya.”

Roma 6:9 “Nalalaman na si Cristo na binuhaymula sa mga patay ay hindi na mamamatay; ang kamatayan ay wala ng paghahari sa kaniya.”

Ilagay mo ang iyong tiwala kay Jesu-Cristo

Roma 3:22 “Maging ang kayuwiran ng Diyos na ito ay sa pamamagitan ng pananampalataya ni Jesu-Cristo tungo sa lahat at sa lahat nila na nananampalataya: sapagka’t walang pagkakaiba” Roma 3:28 “Samakatuwid ay pinagtitibay namin na ang isang tao ay binibigyang-katuwiran sa pamamagitan ng pananampalataya na walang mga gawain ng batas.”

Sumampalataya ka na tanging Siya lamang ang makapagliligtassa iyong sarili

Roma 4:21 “At bilang lubos na nanalig na, kung ano ang kaniyang ipinangako, ay makakaya rin niyang gawin.”